

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	<b>Circular No.</b>	<b>2020-0006</b>
	<b>Title</b>	<b>Premium Contributions of Accredited Health Care Professionals as Direct Contributors</b>
<b>Tanong</b>	<b>Sagot</b>	
Sinu-sino ang mga accredited health care professionals?	Ang mga accredited professionals ay mga duktor, dentista, kumadrona at nurse na may lisensya galing sa Professional Regulation Commission (PRC) at maaaring sumali sa National Health Insurance Program.	
Ano ang ibig sabihin ng Direct Contributors?	Ang mga direct contributors ay mga miyembro ng PhilHealth na may kakayahang magbayad ng “premium”; mga may trabaho at may “employee-employer relationship”, mga may sariling negosyo, mga propesyunal, migranteng manggagawa at kanilang mga dependent, at mga lifetime members.	
Sino ang mga sakop ng Circular na ito?	Sakop ng Circular na ito ang mga duktor, dentista, kumadrona at nurse na kasalukuyan ay “accredited” ng PhilHealth gayundin ang mga may balak na magpa-accredit.	
Bakit kailangan ang Circular na ito?	Itinakda ng Circular na ito kung paano ang pagbabayad ng kontribusyon sa PhilHealth ng mga accredited na propesyunal at ano ang gagawin para hindi maputol ang accreditation.	
Ano-ano ang paraan ng pagbabayad ng mga health care professionals?	Ang mga accredited na health care professionals ay maaring magbayad ng premium ng quarterly o monthly ayon sa itinakda ng PhilHealth Circular 2019-0009 (Premium Contribution Schedule in the NHIP Pursuant to R.A. 11223 Known as the Universal Health Care Act)	
Maaari bang magbayad ng higit sa isang taon na kontribusyon sa PhilHealth ang mga health care professionals?	Maaring magbayad ng hanggang 1 taon ngunit wala pang alituntunin para sa pababayad ng mahigit sa 1 taon.	
Kailangan pa bang bayaran ang mga nalaktawang kontribusyon bago mag-apply ng continuous o re-accreditation?	Oo. Ang mga nalaktawang kontribusyon ay kailangang bayaran at papatawan ng interes ayon sa isinasaad sa PhilHealth Circulars 2019-0009 at 2019-0010.	